

**DISTRITO NG TUBIG NG VICTORVILLE ("DISTRITO")
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO NG TUBIG NG RESIDENTE
DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

LAYUNIN

Ang Patakaran na ito ay pinagtibay upang sumunod sa Batas ng Proteksyon ng Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig, sa *Mga Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan sa seksyon 116900 et seq.* (Ang "Batas") (*Health and Safety Code section 116900 et seq.*) (the "Act"), na nagbabawal sa pagpuputol ng serbisyo ng tubig ng mga residente hanggang sa ang pagbabayad ay maging delingkuwente sa loob ng animnapung (60) araw at nagbibigay ng mga proteksyon at alternatibong pagbabayad sa mga residenteng kostumer at mga naninirahan sa lugar. Ang lahat ng mga pagsusumite na iniaatas ng Patakarang ito ay dapat nakasulat at ipadala sa attention ng Tagapamahala ng Pagsusuri sa mga tanggapan ng Distrito na matatagpuan sa 14343 Civic Drive, Victorville, CA 92392.

KAILAN NAGIGING DELINGKUWENTE ANG MGA ACCOUNT SA SERBISYO NG TUBIG

Ang Serbisyo ng Tubig¹ na mga account na may mga balanseng nanatiling hindi nababayaran sa labinlimang (15) araw matapos ang "Petsa ng Billing" na ipinakikita sa bill ng Serbisyo ng Tubig ng kostumer ay itinuturing na delingkuwente.

PLANO NG IPINAGPALIBANG PAGBABAYAD / ALTERNATIBONG ISKEDYUL NG PAGBABAYAD

Ang mga residente na kostumer ay maaaring humiling ng mga alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad upang maiwasan ang pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig. Hindi puputulin ng Distrito ang Serbisyo ng Tubig dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng tatlong (3) mga sumusunod na kondisyon ay matutugunan bago ang animnapung (60) araw pagkatapos maging delingkuwente ang account:

- (1) kung ang kostumer o nangungupahan sa kostumer ay magsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga tulad ng tinukoy sa seksyon 14088 (a)(1)(A) ng *Mga Alituntunin ng Kalagayan at Institusyon* [Welfare and Institutions Code 14088 (a)(1)(A)], na ang pagpuputol ng serbisyo sa tubig ay magbabanta sa buhay, o magiging isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig; at

¹ Ang "Serbisyo ng Tubig" ay nangangahulugang tubig at/o mga recycle na tubig, alkantarilya, daanan ng tubig-ulan, solidong basura (kalinisan), basurang mapanganib sa sambahayan, at iba pang serbisyo ng utility na ibinibigay ng Distrito o Lungsod ng Victorville na sinisingil sa parehong bill at kinokolekta bilang isang aytem.

- (2) kung magsusumite ang kostumer ng isang sulat sa Distrito, na nagpapakita o nagpapahayag na siya ay walang pinansiyal na kakayahang makabayad ng serbisyo sa loob ng normal na siklo ng pagsingil (ang kostumer ay ipinapalagay na walang pinansiyal na kakayahang makabayad para sa Serbisyo ng Tubig sa mga residente sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng Distrito kung may miyembro ng sambahayan ng kostumer na kasalukuyang tumatanggap ng mga CalWork, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medikal, Supplementary Security Income/Programang ng Estado na Karagdagang Kabayaran o Programang ng California sa Espesyal na Karagdagang sa Nutrisyon para sa mga Babae, Mga Sanggol, at Mga Bata, o ipinahahayag ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng lebel ng kahirapan sa pederal); at
- (3) handa ang kostumer na pumasok sa isang nakasulat na Plano sa Pinagpalibang Pagbabayad (o iba pang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na isinaad sa Batas, kapag kinakailangan ng mga pagkakataon at inaprubahan ng Tagapamahala ng Pagsusuri sa Distrito.

Kapag ang Distrito ay tumanggap ng mga katibayan/impormasyon na isinumite ng residenteng kostumer na nagpapakita na natutugunan niya ang tatlong (3) mga kondisyon na nakalagay sa itaas, ang Distrito ay, sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo mula sa pagtanggap:

- a. aabisuhan ang kostumer ng mga kundisyon ng: (a) Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad (kung saan ang lahat ng dapat na bayaran tulad ng ipinakita sa account ay dapat bayaran nang buo, sa pagsasara ng araw ng negosyo sa petsa na 135 araw pagkatapos ng "Petsa ng Billing" na ipinakita sa bill na napapailalim sa Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad; o (b) iba pang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na isinaad sa Batas na inaprubahan ng Tagapamahala ng Pagsusuri sa Distrito; at
- b. hihilingin sa kostumer na lagdaan ang isang nakasulat na kasunduan ng pagpayag sa Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad o alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Kailangang lagdaan at ibalik ng kostumer ang nasabing nakasulat na kasunduan sa Distrito sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo ng petsa nang ibinigay ng Distrito ang nasabing kasunduan sa kostumer.

Kapag natatanggap ng Distrito ang katibayan/impormasyon na isinumite ng residenteng kostumer na nabigong ipakita na natugunan niya ang tatlong (3) mga kondisyon na nakasaad sa itaas, ang Distrito ay, sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo mula sa pagtanggap:

- (1) hihiling ng mga karagdagang mga impormasyon sa kostumer; o
- (2) ipagbibigay-alam sa kostumer na hindi niya natugunan ang mga kwalipikasyon para sa isang Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad o alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

Hindi puputulin ng Distrito ang Serbisyo ng Tubig kung ang isang residenteng kostumer ay nasa oras magsumite sa Distrito ng katibayan/impormasyong kinakailangan upang matugunan ang tatlong (3) mga kondisyon na nakasaad sa itaas at ang pagsusuri at pag-aabiso ng Distrito sa kostumer na ang mga kondisyon ay natugunan o hindi ay nakabinbin pa. Bilang karagdagan, kung binigyan ng Distrito ang isang kostumer ng isang nakasulat na kasunduan upang lagdaan ang pagsang-ayon sa isang Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang Serbisyo ng Tubig ay hindi puputulin hanggang ang oras na lagdaan at ibalik ng kostumer ang nakasulat na kasunduan sa Distrito ay matapos na.

Maaaring putulin ng Distrito ang Serbisyo ng Tubig kung ang isang kostumer na sumang-ayon sa isang Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay hindi: (1) sumunod at magbayad ng anumang halaga na dapat bayaran sa ilalim ng mga kundisyon ng Plano ng Pinagpaliban na Pagbabayad o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ng animnapung (60) araw o higit pa; o (2) pinapanatiling kasalukuyan lamang ang mga balanse ng account na naipon sa bawat kasunod na billing para sa animnapung (60) araw o higit pa.

MGA KAPARAANAN UPANG HUMILING NG PAGSUSURI AT APELA NG HINDI NAPAGKASUNDUANG BILL

Kung ang isang residenteng kostumer o may sapat na gulang na naninirahan sa lugar kung saan binibigay ang Serbisyo ng Tubig ng mga residente ay hindi mapagkasunduan ang kawastuhan ng isang bill para sa Serbisyo ng Tubig, maaari niyang ireklamo ang bayarin sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na kahilingan sa Tagapamahala ng Pagsusuri ng Distrito nang hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo matapos tanggapin ang hindi napagkasunduang bill, o hindi lalampas sa labing tatlong (13) araw pagkatapos na ipadala sa koreo ng Distrito ang isang Abiso ng Delingkuwente sa Pagbabayad at Napipintong Pagpuputol. Ang kahilingan ay dapat may mga impormasyon o katibayan na sumusuporta sa hinihiling na pagsusuri sa bill na hindi mapagkasunduan. Sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo pagkatapos matanggap ng Tagapamahala ng Pagsusuri ng Distrito ang nakasulat na kahilingan, dapat niyang ibigay sa taong humihiling ng pagsusuri sa hindi mapagkasunduang bill, sa pamamagitan ng koreo o sa personal, ang isang nakasulat na desisyon na nagpapatunay ng kanyang pagpapasiya sa hindi mapagkasunduang bill.

Ang taong humiling ng pagsusuri ng hindi mapagkasunduang bill ay maaaring mag-apela sa desisyon ng Tagapamahala ng mga Pagsusuri sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito ("Lupon") sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na apela sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo sa petsa ng serbisyo o sa pagpapadala sa koreo ng nakasulat na desisyon ng Tagapamahala ng mga Pagsusuri. Ang apela ay isusumite sa Kleriko ng Lungsod ng Victorville, na gumaganap bilang Kalihim ng Distrito. Itatakda ng Kalihim ng Distrito ang nasabing apela na didinigin sa darating na pagpupulong ng Lupon at ipadadala sa nag-aapela ang isang nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpupulong kung saan ang apela ay didinigin. Ang desisyon ng Lupon ay ang susundin; anumang kasunod na pagsusuri ng nasabing hindi mapagkasunduang bill sa Lupon ay hindi na mapapasailalim sa apela.

Hindi puputulin ng Distrito ang Serbisyo ng Tubig ng residente habang sinusuri o nakabinbin pa ang apela sa hindi napagkasunduang bill.

KARAPATAN NG MGA RESIDENTENG NANINIRAHAN

Kung ang nakatalang kostumer ay hindi ang naninirahan sa lokasyon kung saan ang Serbisyo ng Tubig ay ibinibigay (ang "Address kung saan ibinibigay ang Serbisyo") at nabigong bayaran ng nakatalang kostumer ang halagang lagpas na sa taning sa "Takdang Petsa" tulad ng ipinakita sa isang Abiso ng Delingkuwente sa Pagbabayad at Napipintong Pagpuputol o Abiso ng Napipintong Pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig, ang mga residenteng naninirahan sa Address kung saan ibinibigay ang Serbisyo ay maaaring maging mga kostumer ng Distrito na may hiwalay na account kung matutugunan nila ang mga hinihingi at kondisyon ng serbisyo ng Distrito.

Ang Distrito ay hindi kinakailangang magbigay ng serbisyo sa mga residenteng naninirahan maliban kung ang bawat residenteng naninirahan ay sumasang-ayon nang nakasulat sa mga hinihingi at kondisyon ng serbisyo at makatutugon sa mga hinihingi ng mga panuntunan at taripa ng Distrito. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga residenteng naninirahan ay nais at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong isang pisikal na paraan na ligal na maaaring magamit ng Distrito para sa ilang pagpuputol ng serbisyo sa mga residenteng naninirahan na hindi pa natutugunan ang mga inaatas ng mga patakaran at taripa ng Distrito, ibibigay ng Distrito ang serbisyo sa mga residenteng naninirahan na nakatugon sa mga iniaatas na iyon. Ang mga residenteng naninirahan ay hindi aatasang bayaran ang anumang halaga na maaaring delingkuwente o utang ng dating nakatalang kostumer. Ang aplikasyon para sa isang account ng kostumer ng mga residenteng naninirahan ay dapat makumpleto, lagdaan, at isumite sa mga tanggapan ng Distrito bago ang Takdang Petsa

PARATALAKAYIN ANG MGA OPSYON

Para talakayin ang mga opsyon sa pag-iwas sa pagpuputol ng Serbisyo ng Tubig ng mga residente dahil sa hindi pagbabayad, maaaring tawagan ng kostumer ang kinatawan ng Distrito sa 760-955-5001.

UPANG MAIBALIK ANG SERBISYO NG TUBIG

Upang maibalik ang Serbisyo ng Tubig pagkatapos na maputol, maaaring makipag-ugnay ang kostumer sa Distrito sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa personal sa mga tanggapan ng Distrito. Maliban kung itinakda sa Patakarang ito, ang pagbabalik ng Serbisyo ng Tubig ay nakasalalay sa pagbabayad ng lahat ng delingkuwenteng bayarin sa account ng kostumer, anumang mga babayaran o muling pagsingil ng mga serbisyo, naantalang pagbabayad, at anumang segurong deposito na iniaatas ng mga resolusyon o mga ordinansa ng Distrito .